

# CHAPTER *One*

*K*ailangang ipaalala ni Isolde sa sarili na mahal niya ang trabaho niya. She liked the challenge and actually enjoyed the pressure of being an investment banker. Saka bagay rin naman sa kanya ang trabaho. She was responsible, organized, a little obsessive-compulsive and driven, mga bagay na nakakatulong sa kanya sa pag-handle ng mga gusto at kailangan ng mga kliyente. Pero may mga kliyente lang talagang nakakatuyo ng dugo at nakakaubos ng akala ni Izzy ay unli-patience niya.

Hinilot niya ang espasyo sa pagitan ng mga kilay niya at mabagal na nagbilang sa isip habang nakikinig sa panibago na namang demands ni Mrs. Roa. Isa ito sa mga taong naniniwalang ito ang sentro ng mundo.

Noong una, inisip ni Izzy na strong lang talaga ang personality nito at alam ang gusto at kung paano iyon makukuha. Ganoon din kasi si Izzy. Huli na, at nakapirma na siya ng kontrata, bago niya nalamang ang tamang category para sa babae ay “bitch.”

“That’s what I want, Isolde,” pagtatapos ng ginang sa lintanya nito. “Be sure you’re ready to deliver.”

“I’ll see what I can do.”

Suminghap ang kausap. “You don’t see what you can do, Isolde! You *do*! Sa laki ng ibinabayad ko sa ’yo? Aba!”

Umikot ang mga mata ni Izzy. There was nothing special about her fee from Mrs. Roa. Iyon ang standard na singil niya sa kliyente. At wala pang nagrereklamo kay Izzy tungkol sa presyo ng singil niya dahil alam ng mga ito na maayos siyang magtrabaho.

Nang sa wakas ay nagpaalam na ang babae, tahimik na nagpasalamat si Izzy bago nila pinutol ang tawag.

“God, nagkamali yata talaga ako rito,” she moaned as she lowered her forehead to the arm she had crossed over her desk.

Nang mag-beep ang desk phone niya, pinindot niya ang speaker. “Yes?”

“Nandito na po si Mr. Espino, ma’am,” anunsyo

ng assistant niyang si Joyce.

Agad gumaan ang mood ni Izzy. Si Zeus Espino ay kapatid ng boyfriend ng kapatid ni Izzy. Nakilala nila ang isa't isa nang samahan niya ang binata sa bahay ng mga magulang nila ni Isis para kunin ang mga art supplies ng kanyang kapatid. Si Zeus ang nagdala ng mga iyon sa Baguio. Doon na kasi nakabase si Isis. Nagkausap sila noon, nakasundo ang isa't isa, at nang bumalik si Zeus sa Maynila na may dalang isang malaking supot ng pasalubong para sa kanya, naging magkaibigan na sila.

Iyon lang iyon para kay Izzy, kaibigan lang. It didn't matter that he was hot. Mas bata kasi ito sa kanya ng anim na taon. Hindi pa nasusubukan ni Izzy na makipag-date sa lalaking mas bata sa kanya. Isa pa, he was her baby sister's boyfriend's older brother. He was practically family.

“Sige, Joyce, papasukin mo na siya, please.”

“Okay po.”

Nakatingin na siya sa pinto nang bumukas iyon para sa isang guwapo at matangkad na lalaki.

He definitely didn't look like your typical History professor. Hindi niya alam kung paano nakakacconcentrate sa lectures nito ang mga estudyante ng lalaki.

Medyo singkitin ang mga mata nito, matangos ang

ilong, at maganda ang hugis ng mga labing nakita na niyang matamis na nakangiti, aroganteng nakaismid o pilyong nakangisi. Hindi siya makapamilya kung alin ang paborito niya pero lahat kasi ay nakakadagdag lang sa appeal nito.

Maganda rin ang tindig nito na halatang may kumpyansa sa sarili. He had wide shoulders and a narrow waist and the lean body of a soccer player. Pero kahit kamukha nito ang kapatid, may iba talaga rito kay Zeus para kay Izzy. Ares was cute to her. Zeus was... hot. Wala siyang ibang maisip na salita. Ang hot lang nito.

Kaya lang, ang puwede lang gawin ni Izzy ay i-appreciate ito. At thirty-four, she felt like everyone she met was younger than she was.

“O, ano’ng okasyon?” biro niya nang makita ang dala nitong bouquet ng mga bulaklak.

Umismid ito. “Wala. Nakita ko lang na may nagtitinda ng bulaklak d’un sa baba kaya naisip kong bilhan ka,” he said dryly.

Iniabot ni Zeus sa kanya ang bouquet ng mga rosas at kunot-noong tinanggap niya iyon. “Ba’t may nagtitinda ng bulaklak sa baba?”

Nakangisi pa rin sa kanya si Zeus. “Valentine’s ngayon, Iz.”

“Ay, shoot! Oo nga pala!”

Tumawa ang lalaki. “Ang cute mo talaga.”

Umikot ang mga eyeballs niya. “Salamat. At salamat sa flowers. Pero teka, wala ka bang date ngayon?”

Itinuro siya nito.

“Na hindi ako?”

“Single,” simple nitong sagot.

“Yeah, pero wala ka bang ibang gustong i-date?”

“Ibig mong sabihin mula n’ung huli nating pinag-usapang tayong dalawa na lang ang lalabas ngayon dahil pareho tayong single?”

“Oo.”

“Iz, n’ung Linggo lang ’yun. Dalawang araw lang ang lumipas.”

Nagkibit-balikat siya at bumalik sa likod ng mesa niya. “Aba, malay ko ba kung nakahanap ka na kaagad.”

Naupo ito sa tapat ng mesa niya. “Sa loob ng dalawang araw habang nakakulong sa classroom? Malabo.”

At sana forever nang malabong makahanap ng ibang idi-date si Zeus para laging may ka-date si Izzy.

“Saan ba tayo pupunta?” tanong niya habang nagsha-shut down ng computer. “Valentine’s ngayon. Traffic. Maraming tao sa lahat ng restaurants.”

“May reservation tayo sa restaurant ng pinsan

ko.”

Namilog ang mga mata niyang napatingin sa lalaki. “Sa *Espino’s*?”

“Oo.”

“Ba’t di mo sinabi kaagad?” bulalas niya bago nagmamadaling hinablot ang bag niya at tumayo na. “Dalian mo!”

Paborito nilang restaurant iyon ni Isis bago pa nila malamang pinsan nina Zeus at Ares ang may-ari niyon. Masarap kasi ang pagkain, mabait ang staff, maganda ang serbisyo at maganda sa mismong restaurant na isang converted Spanish-style mansion na dating ancestral house ng pamilya ng ina ni Allan Espino na may-ari. Dahil isa sa pinakasikat na restaurants sa kasalukuyan, medyo pahirapan ang reservations at mahaba lagi ang wait list. Lalo pa siguro ngayong Valentine’s.

Tumawa lang si Zeus sa sinabi niya at sinundan siya palabas ng opisina.



Nasa San Juan ang restaurant. Malapit lang sa opisina nina Izzy sa Ortigas pero dahil lintik nga ang traffic, iniwan na nila ang kotse niya sa opisina at ang *Vios* na lang ni Zeus ang dinala nila.

Mahaba ang pila sa labas nang dumating sila pero dumerecho sila sa pintuan. Ni hindi kailangang

magpakilala ni Zeus sa babaeng naroon. Agad sila nitong pinapasok at pinasamahan sa isang server.

Iginiya sila nito sa itaas, sa isang pribadong dining area sa terrace na nag-o-overlook sa mga hardin sa ibaba. May sliding glass doors na naghihiwalay sa puwesto nila sa terrace mula sa main dining area sa second floor. Ikinukubli rin sila ng isang paneled folding privacy screen. Malamlam ang ilaw roon at tila pinatingkad ng mga tealight candles at red rose petals sa ibabaw ng puting table cloth ang romantic atmosphere.

“Wow naman, Zeus!” aniya nang ipaghila siya nito ng upuan. “Na-impress ako.”

He gave her a boyish grin as he took his own seat.

Madalas sila nitong lumabas mula nang maging magkaibigan pero *Jollibee* at *McDo*, o kaya *KFC* at pizza ang pinupuntahan nila. Minsan lang silang magsosyal na restaurant dahil pareho nilang na-appreciate ang fast food. Pero ngayon, na-touch si Izzy dahil nag-effort ito.

“Dahil ba nabanggit ko sa ’yong tatlong taon na akong hindi nakikipag-date?” biro niya rito.

“Oo, eh. Saka hindi ko matanggap na wala rin akong date nitong Valentine’s.”

“Buti na lang dahil kung meron, hindi mo ako ililibre ngayon.”

“Aba, sino’ng nagsabi sa ’yong ililibre kita?”  
Hinampas niya ito ng menu at tumawa ang lalaki.

Nag-order silang dalawa sa naghihintay na server. Nang umalis ito, sinilip ni Izzy ang hardin sa ibaba. May mga individual arbors doon na may mga mesa. Lahat ng mga iyon ay okupado ng mga magkakapareha. May three-piece orchestra na tumutugtog sa isang banda at may dalawang magkapareha pang nagsasayaw sa dance floor. Iyong isang couple, siguro ay pareho nang nasa seventies pero parang in love na in love pa rin habang masayang nakangiti sa isa’t isa.

Bumuntong-hininga si Izzy at muling binalingan si Zeus. Pinagmamasdan siya ng binata.

“Nalulungkot yata ako,” sabi niya.

Nagsalubong ang mga kilay ng lalaki. “Bakit naman?”

“Eh, Valentine’s Day kasi ’tapos ikaw ang kasama ko.”

“Salamat, ah,” sarkastiko nitong saad.

Malakas siyang tumawa at inabot ang kamay nito.

“I didn’t mean it like that. Hindi ako nalulungkot na ikaw ang kasama ko, pero nalulungkot ako kasi ikaw, as in the platonic you, ka. Tingnan mo sila.” Itinuro niya ang couple sa dance floor. “Kung iisipin



mo baka ilang taon na silang magkasama, pero halatang masaya pa rin sila.”

“Malay mo naman kung mag-asawa sila. Paano kung kabit lang ni lolo si lola?”

“Huwag ka ngang panira d’yan!”

“Ang sinasabi ko lang, hindi natin alam ang kwento nila.”

“Oo nga,” sabi niya. “Pero hindi ibig sabihin hindi nag-e-exist ang mga relasyon na fifty plus years kayong masaya sa isa’t isa. Maybe it’s not them,”—mulí niyang itinuro ang magkapareha—“dahil ginawa mong kabit si lola, pero nag-e-exist siya somewhere. Nalulungkot ako kasi naiisip ko na naman na hindi ko na makukuha ’yun.”

“May mga taong late nang nakikilala ’yung mga napapangasawa nila.”

“At may mga taong hindi na talaga nag-aasawa,” napabuntong-hiningang saad ni Izzy na pinapanood pa rin ang magkapareha sa dance floor. “I’m sorry. Akala ko talaga nalampasan ko na ’yung point na gusto kong mag-asawa kasi masaya naman akong single at independent. Minsan lang talaga, kapag nakakakita ako ng mga ganyang couples, naiinggit pa rin ako.”

“Puwede ka naman kasing mag-asawa.”

She snorted and turned back to him. “At sino

naman?”

“Di ba may mga nagpapadala sa ’yo ng bulaklak?”

“Si Mr. Roa? Okay ka lang?”

Asawa ito ng problem client ni Izzy. Ang lalaki ang puno’t dulo kung bakit client niya si Mrs. Roa. Nakipag-hiwalay ang babae rito dahil nangaliwa ang lalaki, at ang perang nakuha nito sa settlement ang gusto nitong ipa-invest kay Izzy. Nalaman ni Mr. Roa na iyon ang plano ng asawa at pinuntahan siya nito para “kilatisin” siya. Na-impress yata ito sa kanya masyado kaya pinapadalhan na siya nito ng bulaklak at tinatawag-tawagan sa opisina.

“Hindi ’yun! ’Yung isang sinasabi ni Joyce.”

Sumimangot siya. “Masyado na kayong close ni Joyce, ah.”

“Sino pa bang ibang kakausapin ko habang naghihintay matapos ang mga meetings mo?”

“At flowers ko ang pinag-uusapan n’yo?”

“Oo, ba’t sa palagay mo alam kong white roses ang paborito mo?”

Naningkit siya rito at umismid si Zeus. Umiling na lang siya.

“Point is, at this point in my life, parang 90% sure na akong hindi na ako mag-aasawa.”

Sadness twisted her gut at the declaration. Umaasa pa siyang sana hindi totoo, pero parang

nararamdaman niya sa puso niya na hindi na talaga. Iyon na ang kapalaran niya.

“Kaya kapag nagpakasal sina Ares at Ice at nagkababy na sila, ’yun na lang ang role ko, ang maging tita of Manila.”

Napangiti siya nang muntik lumabas sa ilong ni Zeus ang iniinom nitong tubig.



Ibinaba ni Zeus ang baso ng tubig bago pa siya malunod. Kung anu-ano kasing pinagsasabi nitong si Isolde. It was one of the things that he found fascinating about her.

Nang una niya itong makilala, ang impression niya ay confident ito, may kumpiyansa sa sarili at alam kung sino ito, kung ano ang gusto nito at kung paano iyon makukuha. Naiintindihan niya kung bakit single ito sa kabila ng ganda at talino nito.

Nalaman niya mula sa kapatid nitong si Isis na graduate ng *Harvard Business School* si Izzy, at hindi lang basta graduate, *magna cum laude* ito roon. She was also the top investment banker in the firm their father currently owns, a company that Izzy will run one day. Mahirap ding makakilala ng tao sa financial world na hindi kilala si Isolde Sta. Maria.

Most men were intimidated by a woman like that. Some of them would be downright insulted that a

woman could be and was actually better than them. Then again, most men are idiots.

At mga lalaking secure lang sa pagkalalaki nila ang mga kayang lumapit at manligaw sa mga katulad ni Izzy.

Buti na lang talaga secure si Zeus sa sarili niya.

Hindi pa lang talaga siya nakakatiyempong manligaw. Hindi dahil sa na-i-intimidate siya sa kung sino at ano si Izzy, pero dahil hindi niya matantya kung gaano ito ka-receptive sa panliligaw.

Ilang buwan na kasi niya itong kaibigan at masasabi ni Zeus na kilala na niya ito. Ang basa niya sa pagkatao nito ay hindi nito kailangan ng lalaki. Wala naman itong sinasabi o ipinapahiwatig na ganoon. Minsan lang lumalabas ang pagiging vulnerable nito. Gaya ngayon na nalulungkot sa single status.

“Out of curiosity,” sabi niya bago pa siya mawalan ng lakas ng loob at bago pa muling maisip ni Izzy na independent woman nga pala ito. “Have you ever dated a younger man?”

Malakas na tumawa ang babae. “May gusto ka bang sabihin sa ’kin?”

He flashed her a quick grin. “Wala naman.” *Wala pa.* “Curious lang talaga.”

Umiling si Izzy. “No, never.” *Aray ko.* “Have you

ever dated an older woman?”

“No,” sagot din niya. “But I’m not against it. Wala namang masama.”

Tumango ito. “True. I mean, bakit okay lang sa mga tao na mas matanda ’yung lalaki pero hindi okay na mas matanda ang babae, di ba?”

“Some people believe women have expiration dates.”

Umikot ang mga mata ni Izzy. “I’d like my worth to not be measured by the number of eggs remaining in my ovaries, thank you very much.” Itinuro siya nito. “And while we’re on the subject, neither should it be measured by the presence of a hymen.”

Hindi napigilan ni Zeus ang malakas na tawa. See? How could he not find her fascinating?

“Ikaw ba naniniwala na may expiration date ang mga babae?”

Nagtaas ng dalawang kamay si Zeus dahil medyo mapanghamon ang tono ni Izzy. “Siyempre hindi. Ayoko rin namang nakasalalay sa sperm count ko ang pagiging lalaki ko.”

Tumawa na rin si Izzy. “Hindi ko alam kung paano tayo napunta sa usapang ’to.”

“Aba ewan ko. Nagtanong lang ako kung iko-consider mong makipag-date sa mas bata sa ’yo.”

“Know what? I’ve never considered it before but

now that I think about it, yeah, I guess I would.”

Bumilis ang tibok ng puso ni Zeus. Was she saying she'd consider dating him?

Pero bago pa tuluyang mamuo ang pag-asa sa dibdib niya, muli nang nagsalita si Izzy. “Kaya lang alam ko kasing wala na ako sa point ng buhay ko na gusto kong makipag-date. Dating leads to relationships and relationships are hard. Based on experience, I'm not very good at them. I have this really bad habit of making my boyfriend the least of my priorities. I guess 'yun ang dahilan kung bakit single pa rin ako hanggang ngayon.”

Tsk. Di pa nakakaporma, basted na?

“Eh, gusto mo ba kasi ang pagiging single mo?” tanong na lang ni Zeus bago niya tiningala ang server na nagbaba ng mga drink orders nila sa mesa.

“Generally? Oo. Minsan lang talaga, malungkot. Pero kung ibabase ko sa pakiramdam ko kapag may boyfriend ako, I like being single more than I like being in a relationship. Gusto ko 'yung dates, being hugged, having someone to talk to pero ayoko ng drama. Honestly, minsan mas ma-drama pa kayong mga lalaki.”

Umismid si Zeus. “That only means you've been dating the wrong men.”

Inabot ni Izzy ang baso nito ng iced tea. “Maybe.”

Rumagasa ang dugo sa katawan ni Zeus nang muli itong nag-angat ng paningin sa kanya. “Then again, *I have* been dating guys my own age or older.”

Umismid siya. “See? You really should be dating younger men.”

“Eh, ikaw? Ba’t ayaw mo pang mag-girlfriend ulit?”

Napagkuwentuhan na kasi nila iyong huli niyang girlfriend. Walang tiwala sa kanya, selosa at sobrang insecure, dalawang taon din niyang pinagtiisan ang toxic nilang relasyon bago nakipag-break dito.

“Pinagpapahinga ko muna ang puso ko.”

Si Izzy naman ang umismid. “You’ve been dating the wrong women.”

Two can play this game.

“Maybe. Then again, I’ve been dating girls my own age or younger.”

Parang may kung anong bumalot palibot sa kanilang dalawa ni Izzy na nalimutan ni Zeus na sa likod lang ng privacy screen ay isang dining area na puno ng mga customers. Maging sa ibaba, sa hardin, ay maraming tao.

They weren’t alone. He definitely had no business being hard for her underneath the table.

“Your order, sir,” masiglang anunsyo ng waitress bago nito ibinaba ang pinggan ng pagkain niya sa

---

mesa.

Sabay silang tumuwid ng pagkakaupo nang maibaba nito sa harapan ni Izzy ang pinggan ng huli.

“Thank you,” sabi ng dalaga.

Hindi nagpasalamat si Zeus dahil istorbo ang babae. Bihira kasi silang magkaroon ng mga ganoong sandali ni Izzy dahil sigurado niyang sa isip nito, kaibigan lang siya. Hindi pa nakatulong na mas bata siya rito.

Di bale na. Makakaporma din siya. Zeus wanted her and he was determined to get her.



## CHAPTER *Two*

*N*ang Biyernes na iyon, natagpuan muli ni Zeus ang sarili na patungo sa opisina ni Izzy pagkatapos ng klase niya. Ginagamit niya ang excuse na on the way ang office nito pauwi sa condo niya sa Mandaluyong o na dadalaw rin siya sa kapatid niyang si Artemis na kasalukuyang nag-o-OJT sa parehong kompanya. Kapag tinutukso kasi siya ni Izzy na nami-miss lang niya ito kaya madalas siya roon at umo-oo siya, pinagtatawanan siya nito. May pagkamanhid kasi talaga si Isolde.

“Hi, Joyce!”

“Hi, Sir!” masayang bati ng assistant ni Izzy sa kanya. “Pasok na kayo. Wala nang meeting si Ma’am.”

“Sige, salamat.”

Kumatok siya sa pinto bago iyon binuksan. Sinalubong siya ng masayang ngiti ni Izzy.

“Hey!”

“Hi.” Pumasok na siya sa opisina at isinara ang pinto sa likuran niya. “Busy ka ba?”

“Hindi na masyado. Bakit?”

Lumapit siya sa mesa nito. “Ayain sana kitang lumabas. Gusto ko ng ramen.”

“*Ramen Nagi!*”

“Yup.”

Sinilip niya ang screen nito kung saan nakabukas ang email client ng kompanya.

“Sandali na lang. Send lang ako ng email.”

“Okay.”

Naupo siyang muli sa harapan ng mesa nito at patagong pinagmasdan si Izzy. Alas seis na ng gabi pero kung titingnan ito, parang umaga pa lang. Ayos na ayos pa rin ang buhok nito, fresh ang makeup, walang gusot ang damit. She was so beautiful. Then again, kahit nakapambahay lang si Izzy, magulo ang buhok at walang makeup, maganda pa rin ito sa kanya.

Nagpatay ito ng computer at binalingan siya. “Let’s go?”

“Let’s go.”



Kung anu-ano lang ulit ang napagkuwentuhan nila habang nasa sasakyan papuntang *Podium* at habang kumakain sa *Ramen Nagi*.

Malinaw kay Zeus na naalis na ni Izzy sa isip nito iyong “moment” nilang dalawa noong Valentine’s. Nasa friendzone na siya ulit. Gayunpaman, hindi siya magrereklamo. Masarap kasi itong kausap. Matalino kasi saka open-minded.

Napag-usapan na nila ang mga trabaho nila, ang mga empleyado nina Izzy at ang mga estudyante ni Zeus, at kung anu-ano pa.

Nang matapos silang kumain at ayaw pa niyang matapos ang gabi, nag-aya siyang magkape sa *Starbucks*. Pumayag ang babae kaya lumipat sila roon, nag-order ng kape at naupo sa pinakasulok ng ikalawang palapag ng coffee shop.

“Nakausap ko pala si Ares n’ung isang araw. Ibinalita na ba sa ’yo ni Ice na may permanenteng trabaho na siya?” kwento niya habang hinihipan ang brewed coffee na order niya. Hindi niya iyon nilagyan ng cream o asukal. Black lang talaga ang gusto niya. Nahihintakutan lahat ng mga nakakasama niyang magkape kasi bihira lang sa mga ito ang nakaka-appreciate ng matapang na kape.

Nag-angat siya ng paningin at nakitang pinapanood siya ni Izzy. Nanuyo ang lalamunan

niya dahil sa mga labi niya nakatingin ang babae.

“Ah, oo,” sabi nito na mabilis sumipsip sa sarili nitong inumin. “Tuwang-tuwa nga kasi paborito niya ’yung magazine na ’yun.”

Nakuha kasing web designer ng isang sikat na magazine ang kapatid nito. Si Ice na ang magdidisenyo at mag-ha-handle sa websites niyon.

“Saka tuwang-tuwa rin kasi puwede siyang mag-stay sa Baguio habang nagtatrabaho.”

“Yun nga rin daw, sabi ni Ares. Pero sa palagay ko, hindi tatanggapin ni Ice ’yung trabaho kung kakailanganin niyang umalis ng Baguio. Hindi n’un iiwan si Ares.”

Napangiti si Izzy. “Sa palagay ko rin. Mahal na mahal n’un si Ares, eh.”

“Oo nga. Ang swerte nga niya kay Ice.”

Hindi niya iyon sinasadyang sabihin pero siguro may hangover pa si Izzy sa Valentine’s nila at naalala ang pinag-usapan nila noon dahil bumuntong-hininga ito.

“Suwerte rin si Ice kay Ares. N’ung sinabi niya sa ’king bumili siya ng condo na may second bedroom para may art studio si Ice, inggit na inggit kaya ako n’un,” sabi nito. “Hindi sa gusto kong may bumili rin ng bahay para sa ’kin, ha, pero wala pa kasing lalaking nakaisip na may gawing bagay dahil lang

alam niyang mapapasaya ako n'un. Ugh!" sabi nito na frustrated ang tono. "Eto na naman ako! Bakit ba ganito ako ngayon?"

Binigyan niya ito ng maliit na ngiti. "Dahil February ngayon?"

Lumabi ito. "Ewan ko ba. Kasalanan mo kasi, eh. Idinate mo ako n'ung Valentine's."

Mahina siyang tumawa.

"I guess na-miss ko lang din talaga 'yung may boyfriend."

"Di mag-boyfriend ka na ulit."

Bumuntong-hininga si Izzy at hinalo ang whipped cream sa inumin nito. "Yun ang problema, eh. Hindi yata boyfriend ang gusto ko. Hindi ako puwedeng mag-boyfriend kasi lagi akong walang oras para sa kanila. Di ba lahat ng ex ko kaya nakipag-break sa 'kin kasi nagselos sa trabaho ko? Wala talaga akong oras." Lumabi ito. "Saka aminado akong hindi ko talaga priority ang boyfriend."

"Di makipag-fling ka muna," saad niya na kalahating nagbibiro, kalahating seryoso.

"Kanino naman?"

"Sa 'kin."

Nagkagulatan sila sa sinabi niya. Nagtama ang mga paningin nila. Namimilog ang mga mata ni Izzy at nakaawang ang mga labi nito. Maging si Zeus ay

nagulat sa sinabi pero mabilis niyang naisip na hindi masamang ideya iyon. Tumawa si Izzy pero huminto ito nang nanatili siyang seryoso.

“Seryoso ka?” tanong nito na tila naguguluhan na.

Pinagmasdan lang niya ito. “Paano kung oo?”

Habang pinag-iisipan niya, mas lalong gumaganda sa isip niya ang mungkahi niya.

“Hindi kasi puwede,” saad ng babae na tila nagpa-panic na.

“Give me three reasons,” kalmado niyang hiling bago sumimsim ng kape. Cool na cool siya kunwari pero sa totoo lang, nanginginig ang buo niyang katawan sa excitement at sa nerbiyos. Baka tumanggi ito kaagad. Pero kinakabahan din siya na baka tanggapin nito.

“Mas matanda ako sa 'yo.”

“Anim na taon lang,” mabilis na kontra ni Zeus. “Kung fifteen lang ako at twenty-one ka na, d'un lang magkakaroon ng kaso ang anim na taon. Your next reason?”

Nalaglag ang panga ni Izzy, pagkatapos ay umiling ito at nagmadaling mag-isip ng isa pang dahilan.

“Mag-boyfriend ang mga kapatid natin,” dagdag nito.

“They’d be thrilled if we started dating. Nirereto ka na nga ni Ice sa ’kin, eh. Sabi niya bagay daw tayo. Next reason?”

“I love being single,” sabi nito na mapanghamon ang tono, humalukikip pa. “You have to be able to offer me something incredible to change my mind about being single.”

Tiningnan niya ito nang derecho sa mga mata. “Like incredible sex?”

Ang normal at kadalasang reaksyon ni Izzy ay tumawa sa ganoong hirit. Nagkuyom ang sikmura niya sa pag-asa nang hindi tumawa ang babae. Sa halip ay natameme ito at nagsimulang mamula ang mga pisngi.

Nang sa wakas ay tumawa ito, halatang pilit iyon. “Loko ka!”

“O bakit? Sabi mo something incredible.”

Nagtamang muli ang mga paningin nila. And when she spoke, there was something flirtatious in her tone that made his blood heat.

“At sigurado kang kaya mong i-offer ’yun? Kaninong standards ang pagiging incredible niya? Opinyon mo lang ba ’yan o may chart ka ba ng reaksyon ng mga babae para masukat mo kung gaano ka kagaling?”

Hindi siya nag-iwas ng paningin. “You can try

me. That way you can see for yourself.”

She was the first one to back away. “Huwag ka ngang ganyan! Seryosohin kita, eh!”

“Seryoso ako, Izzy.”

Umiling ito, pinagmasdan siya pagkatapos ay umiling muli. “I’m not looking for a relationship, Zeus.”

“Neither am I,” pagsisinungaling niya. Well, sort of. Hindi naman talaga siya naghahanap ng relasyon, kung hindi lang si Izzy ang makakarelasyon niya.

“So if we get together, fling lang? Walang love?” tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “Kung ’yun ang gusto mo. Basta ako, kailangan may sex.”

Pinitik siya nito sa ilong bago binalikan ang inumin nito. Akala yata nito nagbibiro na naman siya. Puwes hindi siya papayag na baguhinn nito ang usapan.

“Well?”

Nag-angat ito ng tingin, namumula pa rin ang mukha. “Anong well?” patay-mali nitong tanong.

“Well, makikipag-fling ka ba sa ’kin?”

Nakadama ulit si Zeus ng pag-asa nang hindi ito kaagad tumanggi. Ibig sabihin, pinag-iisipan nito.

“Bakit? Bakit kasi? Bigla ka namang nag-offer ng ganyan.”



“Sabi mo nami-miss mo na ang mag-boyfriend. Nandito ako. Magkaibigan tayo at saka lagi tayong lumalabas. Eh, di ako na lang. Sa ’kin makakasiguro kang hindi ako clingy at hindi demanding sa oras mo. Tried and tested mo na ako.”

“So magpapanggap tayong mag-boyfriend?” naguguluhan pa rin nitong tanong.

“You’ve never had a fling before, have you?”

“Obvious ba?” She sounded so bad tempered he had to hide his grin.

“Hindi tayo magpapanggap, Iz. May relasyon naman talaga tayo. We’re going to have a fling. That’s a relationship.”

“Physical?”

Sa bilis ng pag-alerto ng katawan niya sa simpleng tanong ni Izzy, napatunayan ni Zeus na, oo, gusto niya ng physical relationship dito.

“Kung gusto mo.” His voice came out rough when he saw the sudden heat in her eyes.

Hindi na pagtataka ang nakikita niya sa mukha nito habang pinagmamasdan siya, kundi kuryosidad na, interes. Hindi niya alam kung imahinasyon lang niya pero parang nakita niya sa mga mata nito ang mga iniisip nitong mga maaari nilang gawin sa isa’t isa... physically.

Kaunti pa, pagpapawisan na siya sa paraan ng

pagtitig nito sa kanya.

Pero mas lalo itong namula at nag-iwas ng tingin. “Hindi ko talaga alam, Zeus.” Kinusot nito ang mga mata. “I’m sorry. This has been a confusing night.” Bumuga ito ng hangin at muli siyang hinarap. “Ito na lang. Answer me this. Why? Why make that offer? And why me?”

Madali lang sagutin ang mga tanong na iyon. “Kasi ikaw ang gusto ko.”

Bumuntong-hininga si Izzy at pumikit.

“What are my choices?” tahimik nitong tanong.

Inabot ni Zeus ang kamay ng babae at muling nagmulat si Izzy. He stroked his thumb over the back of her hand.

“One, you can tell me I’m crazy and walk out on me, and I’ll promise to never bother you again. Two, you can forget about this conversation and we go on as friends para kina Ares at Ice. And three...” He looked straight into her eyes. “You can accept my offer of incredible sex and have a fling with me.”

## CHAPTER *Three*

Yon ang unang linyang naisip ni Izzy nang magising siya kinabukasan. Matapos ang dalawang *dates*, ginulo ni Zeus Espino ang buo niyang buhay.

Matapos ang suggestion nito, hindi siya agad nakasagot. Ang sagot dapat ng matinong babae ay, “No.” *Di ba?* May good girl bang nakikipag-fling? Wala! At buong buhay ni Isolde Sta. Maria ay good girl siya.

And there was the problem right there.

God! Dahil ba hindi siya nagrebelde noong bata siya, kaya ngayon siya nag-iisip na maging pariwara? Although at her age, she could pretty much do whatever she wanted to do.

Matanda na siya. Kung anumang desisyon ang piliin niya, kaya na niya iyong panagutan. Kung gusto niyang mag-boyfriend, wala nang makakapigil sa kanya. Kung gusto niyang mag-asawa, okay lang din. And if she wanted to have an affair with a younger man, uso na iyon ngayon with the likes of Demi Moore, Jennifer Lopez and Madonna!

*Saka si Madam Auring at Mommy Dionisia...*

She moaned and covered her face with a pillow. Nahihya yata siya. Lalo na nang maalala niyang ang sagot niya kay Zeus ay hindi no, kundi "I'll think about it."

At iyon talaga ang gusto niya, ang pag-isipan iyon. Dahil kung susunod siya sa impulse, isang tumataginting na yes ang isasagot niya sa binata sabay lundag sa kama nito. Iyon ang gusto ng katawan niya, eh.

Napasama yatang pinigilan niya ang crush niya rito! Noong nabigyan ng pagkakataon, eh, pumayag na makipag-fling!

Teka... puwede namang may fling na walang sex, di ba?

Nahiya siya bigla nang mapunang sumimangot siya roon.

Walangya, gusto yata talaga niya.

Bumangon na si Izzy. Pupunta na nga lang siya

sa opisina at magtatrabaho sandali. She drew the line at working at home. Puwede siyang magpakalango sa files, reports at proposals sa opisina nang 18 hours a day pero bawal ang trabaho sa bahay. Pang-*Netflix* at *Facebook* lang ang laptop niya sa condo. Bawal ang work emails.

Nag-shower siya at nagbihis, pagkatapos ay nag-drive na papuntang opisina.

Nagtrabaho siya hanggang pasado alas dos at huminto lang nang marinig na nag-ring ang smartphone niya. Sinagot niya iyon nang hindi tinitingnan ang screen.

“Hello?”

“Izzy?”

Nag-cramp ang muscles niya sa sikmura sa tinig ni Zeus. Iyon pa lang, iba na ang epekto sa katawan niya, pagkatapos iniisip niyang kaya niya itong tanggihan?

“Hi!”

“Hi. Pauwi na ako galing *UP*. Nasa bahay ka ba?”

“Nasa office actually.”

“Ah, okay. Gusto mong lumabas?”

Sinulyapan niya ang mahabang to-do list sa tabing screen niya. Hindi naman urgent ang mga iyon at hindi niya kailangang tapusin kaagad. Pero kung hindi siya aalis, gagawin niya iyong lahat at, gaya ng

laging sinasabi ng mga tao sa kanya, hindi na naman siya makakapahinga.

*Sus, daming dahilan! Gusto mo lang talagang lumabas kasama siya.*

“Oo, sige.”

“Saan mo gustong pumunta?”

“Samahan mo ako sa *Estancia Mall*? May bazaar kasi d’un ngayon. May booth’yung isang gusto kong online store. Samahan mo lang ako d’un.’Tapos kung gusto mo, d’un na rin tayo mag-dinner.”

“Sige. Kita na lang tayo doon? Malapit naman na ako sa Ortigas. Puwede kitang daanan na lang. Sumabay ka na lang sa ’kin ’tapos ihahatid na lang kita pabalik d’yan para kunin’yung kotse mo.”

“Hindi na.” Nagsimula nang mag-shut down ng computer si Izzy. “Magkita na lang tayo d’un para hindi ka na maabala mamaya pag-uwi.”

“All right, ikaw ang bahala. Dederecho na ako d’un. Ingat ka.”

“Ikaw rin. See you!”

Nag-retouch siya ng makeup at nag-ayos ng buhok habang hinihintay na mamatay ang computer. Pagkatapos ay inayos na niya ang mesa, na hindi niya kayang iwan nang makalat, bago siya nagmamadaling lumabas ng opisina. Kumaway siya sa ilang empleyadong tulad niyang nagtatrabaho

nang Sabado, saka tinungo ang elevators.

Para sa isang taong naguguluhan sa takbo ng relasyon nila ng isang lalaki, masyado siyang excited na makita ang lalaking iyon, ano? Pero ano ang magagawa niya? She liked the guy and was interested enough to keep seeing him.



Pagdating ni Zeus sa *Estancia*, naglakad-lakad muna siya para makapamasyal. Pinuntahan na rin niya ang sinasabing bazaar ni Izzy. Alin kaya sa mga ito ang gustong puntahan ng babae?

Bumalik sa isip niya ang nangyari sa date nila kagabi. Hindi niya akalaing ganoon pala kalakas ang loob niya. Tigas ng mukha, eh. Buti nga at hindi nabastusan si Izzy sa kanya.

At hindi rin siya nito agad tinanggihan.

Hindi niya ito huhusgahan kung papayag ito sa fling at kung bakit. Kahit ang tanggapin lang nito ay ang alok niyang maging casual boyfriend o kasama iyong sex without strings, okay sa kanya. Kahit alin kasi sa dalawang iyon ay nangangahulugang magkakaroon siya ng tsansang ligawan at lambingin si Izzy hanggang sa tuluyan na itong mahulog sa kanya.

Di ba karamihan ng babae nahihirapang ihiwalay ang sex at love? Kung makipag-fling ito sa kanya,

mas madali na niya itong makukumbinsing maging tunay na girlfriend niya. Pero kailangan muna niyang ipakita na mas masarap maging girlfriend niya kaysa maging single.

Sabay siyang natuwa at kinabahan nang makatanggap ng text na naroon na ito sa mall. Tinawagan niya ito para sabihing nasa bazaar na siya. Siya na lang daw ang pupuntahan nito. Inabangan niya si Izzy at napangiti nang makita ito. Isa sa mga agad nakatawag ng pansin niya tungkol kay Izzy ay ang confidence nito.

She carried herself well and had a self-assured air that he found sexy. Naroon iyon sa paraan nito ng pagsasalita, pagngiti at paglalakad, gaya ng kung paano ito naglalakad palapit sa kanya ngayon. She was so freaking sexy.

Gusto niya itong salubungin ng halik. Pero hindi puwede. Respeto ang kailangan niyang pairalin ngayon. Kailangan niyang ipakita rito na kaya niyang maging gentleman. Kaya nga hindi niya ito hinalikan kagabi nang ihatid niya ito, kahit gusto niya.

Pero kung pumayag ito sa alok niya, lagot ito sa kanya. Papapakin niya ito.

“Nakapamasyal ka na?” tanong ni Izzy na sumesenyas sa maliit na bazaar.

“Oo. Hindi ko lang alam kung saan ’yung booth



na gusto mo.”

Hinanap nila iyon hanggang sa nakita ni Izzy ang booth na nagtitinda ng stationeries. Of course iyon ang mga gusto ni Izzy. Di bale nang may booths din na nagtitinda ng mga damit, sapatos at mga accessories na pambabae, mas gusto nito ang mga papel at colored pens.

Nang makapamilya ito, siya ang nag-aya na tingnan nila ang booth ng mga hand-made accessories sa tapat. Malapit na kasi ang birthday ni Artemis at mahilig ang kapatid niya sa mga ganoon.

“Ipili mo naman ako ng puwede kong iregalo kay Artie para hindi na ako mamroblema,” hiling niya sa dalaga. “Birthday niya sa isang buwan.”

“Ay, talaga? Naku, buti sinabi mo! Sige, bibilhan ko rin siya ng regalo.”

Masaya nitong inusisa ang mga naka-display na bracelets at kuwintas habang tahimik na nagdiriwang ang kalooban ni Zeus. Pakiramdam kasi niya gawain iyon ng girlfriend. At iyon talaga ang balak niya, ang maging girlfriend si Izzy, pero one step at a time. He’d let her set the pace.

“Ito!” sabi nito habang inaangat ang isang kuwintas na gawa sa dark blue na mga kristal. “Mahilig siya sa blue, di ba? Saka bagay sa mga paborito niyang suot ito. Miss, magkano—”

Napalington siya sa dalaga nang bigla itong huminto sa pagsasalita pagkatapos ay sinundan niya ang tingin nito sa babaeng nakaupo sa likod ng mesa. Buntis ang babae at nakapatong sa tiyan ang isang kamay na parang pinoprotektahan iyon. Namimilog ang mga mata nito sa pag-aalala habang nakatingin kay Izzy.

“Jane?”

Marahas na lumunok ang babae. “Miss Izzy.”

“Oh, my gosh! Kumusta ka na?”

Tumayo na ang buntis at lumapit sa kanila. Bumaba ang mga mata ni Izzy sa tiyan ng babae. “Buntis ka! Kailan ka manganganak?”

Binigyan sila nito ng isang nahihiyang ngiti, pero napansin ni Zeus na basa ang mga mata nito sa luha. “Next month po. Baka po second week ng March.”

Nang yakapin ito ni Izzy, tuluyan nang umiyak ang babae.

“I’m sorry po, Miss Izzy. Hanggang ngayon po...” Hindi na ito nakapagsalita at humikbi na. Pinanood ni Zeus na igiya ni Izzy ang babae pabalik sa upuan nito.

“Huwag mo nang isipin ’yun,” sabi nito na hinahaplos ang likod ni Jane. Inabutan ng kasama nito ng isang bote ng mineral water ang buntis. “Matagal na ’yun. Saka it all worked out for the best,

di ba? Ilan na ba ang anak ninyo?”

Suminghot ang babae. “Pangalawa po ito.”

“O, kita mo na? Kung hindi nangyari ’yung nangyari, wala ang mga babies ninyo ngayon.”

Tumango-tango si Jane at uminom mula sa bote ng tubig nito.

Nagpatuloy si Izzy sa pagsasalita para ma-distract ito. “Ang gaganda naman ng mga accessories na ’to. Ikaw ba ang may gawa ng mga ito?”

“Opo, hobby ko lang po dati pero naisip kong subukang ibenta online. Eh, medyo sumikat naman po. Full time housewife na po kasi ako ’tapos may kasambahay naman kaya may oras pong gumawa.”

“Ah, talaga? Ano’ng pangalan ng online store mo para ma-check ko na rin. Ang gaganda kasi! Ang galing mo palang gumawa ng mga accessories.”

Halatang natuwa si Jane sa sinabi ni Izzy. Muli itong ngumiti. “Thank you po. Saka, Miss Izzy, pumili ka ng kahit anong gusto n’yo d’yan sa mga designs ko. Ibibigay ko po sa inyo, regalo na.”

Hindi pa tapos magsalita ang babae, umiiling na si Izzy. “Naku, hindi. Business mo ito! Huwag mong ipamigay nang libre ang mga gawa mo. Saka, my God! P700 mo ibinibenta ’yang necklace! Malulugi ka kapag ireregalo mo lang ’yan sa ’kin.”

“Maliit na bagay lang ’yan, Miss Izzy. O kung

mas gusto po ninyo, bibigyan ko na lang kayo ng discount.”

“Ay, ’ayun, tatanggapin ko ’yun.” Tiningnan siya ng dalaga. “Damihan mo ’yung bibilhin mo para kay Artie!”

Sinulyapan din siya ni Jane at binigyan siya ng kiming ngiti bago binalingan si Izzy. “Boyfriend po ninyo, Miss Izzy?”

Tinaasan niya ng kilay si Izzy nang parang hindi nito sigurado ang isasagot. Si Zeus na ang nagsalita. “Hindi pa niya ako sinasagot.”

“Ay, bakit po? Guwapo naman si sir!”

“Sasagutin ko siya pag marami siyang binili dito.”

Tumawa na si Zeus. “Yun lang pala, eh. Ikaw ang mamili. Wala akong alam sa accessories.”

Pumayag si Izzy at nagpatulong pa ito kay Jane kung alin ang maaari nitong irekomenda.

Sa huli, isang necklace at isang bracelet ang binili ni Zeus para kay Artemis. At dahil napansin niyang may isang necklace na laging hinahawakan si Izzy, binili rin niya iyon para rito.

“Nahihiya ako, pero dahil gusto ko talaga siya, kakapalan ko na ang mukha ko, ha. Tatanggapin ko talaga siya,” bungisngis ni Izzy habang ikinakabit niya ang clasp ng kuwintas sa batok nito. Gaya ng iba pang kuwintas sa shop ni Jane, gawa iyon sa mga

kristal. Kulay pink, purple at itim ang nagustuhan ni Izzy. Bumagay iyon sa medyo mababang neckline ng suot nitong blouse.

Nang maikabit iyon, tumungo si Zeus nang hindi pinag-iisipan ang ginagawa at hinalikan ang balikat ni Izzy. His lips lingered on her skin as he drew in her sweet scent. Pinuno niya ng samyo nito ang baga niya. Ang bango-bango nito.

At nang tumuwid siya at nilingon siya ni Izzy, inosente lang siyang ngumiti at muling binalingan si Jane para magpasalamat dito.

Nagpasalamat din ang babae sa kanya pagkatapos ay muli nitong niyakap si Izzy. “Thank you po, Miss Izzy. At hindi dahil sa pagbili ninyo, ha. Thank you po sa lahat.”

“You’re welcome. Alagaan mo ang sarili mo saka si baby. Ikumusta mo rin ako kay Ryan.”

“Opo.”

Naglakad na sila palayo ni Izzy ng booth. Pinagmasdan lang niya ang babae. Tahimik ito, halatang malalim ang iniisip at maya’t maya ay hinahaplos ang ibinigay niyang kuwintas. Nang dalawang beses na itong lumiko sa isang aisle na dinaanan na nila, inabot na niya ang kamay nito.

“Izzy?”

“Hmm?”

“What’s wrong?”

Patay-mali siya nitong tiningnan. “Wala. Bakit?”

“Ang lalim kasi ng iniisip mo, eh. Si Jane ba?”

Nag-iwas ito ng tingin. “Hindi...” simula nito bago bumuntong-hininga. “Oo, partly.”

“Sino ba siya?”

Saglit itong hindi nagsalita na tila pinag-iisipan ang gagawin, pagkatapos ay nagkibit-balikat. Muli siya nitong tiningala. “Asawa siya ng ex ko, ’yung second boyfriend ko. She used to be his secretary and he cheated on me with her.”